# EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN

## AFA / FCS / IA

## Grade 5

### Three-Term Budget Of Work (BOW) for Learning Competencies

**EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN**
**AFA / FCS / IA**
**Grade 5**

**Three-Term Budget Of Work**
**For Learning Competencies**

<table>
<tr><th colspan="3">First Term</th></tr>
<tr><td colspan="2">Performance Standard</td><td>Ang mga mag-aaral ay naisasagawa ang maingat na pangangalaga, pagpaparami, pagaani, pag-iimbak at pagbebenta ng poultry animals sa masistemang pamamaraan bilang isang kapaki-pakinabang at mapagkakakitaang gawain.</td></tr>
<tr><td colspan="2">Content Standard</td><td>Naipamamalas ang pang-unawa sa maingat na pangangalaga, pagpaparami, pag-aani, pag-iimbak at pagbebenta ng poultry animals sa masistemang pamamaraan bilang isang kapakipakinabang at mapagkakakitaang gawain.</td></tr>
<tr><td>Week</td><td colspan="2">Learning Competency</td></tr>
<tr><td>1</td><td colspan="2">Agriculture and Fishery Arts<br>● Natatalakay ang kahulugan ng animal production at mga sangay nito.<br>● Natatalakay ang kahalagahan at kabutihang dulot sa pag-aalaga ng poultry animals sa natural na pamamaraan.</td></tr>
<tr><td>2</td><td colspan="2">Agriculture and Fishery Arts<br>● Naipaliliwanag ang mga piling batas, local na ordinansa, at mga ahensya ng gobyerno at non-government organization (NGOs), at serbisyong naibibigay sa pag-aalaga ng poultry animals.</td></tr>
<tr><td>3</td><td colspan="2">Agriculture and Fishery Arts<br>● Nakikilala ang mga tao sa pamayanan/buong bansa na nagtagumpay sa pag-alaga ng poultry animals at ang mga katangiang taglay nila.</td></tr>
<tr><td>4</td><td colspan="2">Agriculture and Fishery Arts</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | • Natatalakay ang mga salik na dapat isaalang-alang sa sa pag-aalaga ng poultry animals sa natural na paraan. |
| **5** | **Agriculture and Fishery Arts**<br>• Natatalakay ang mga karaniwang uri at lahi ng poultry animals na makikita sapamayanan na maaaring alagaan.<br>• Natatalakay ang mga karaniwang sakit, sanhi, palatandaan, pamaraan sa pag iwas at panlunas sa mga sakit ng poultry animals. |
| **6 to 7** | **Agriculture and Fishery Arts**<br>• Naisasagawa ang pag-aalaga at pangangasiwa ng poultry animals sa natural na pamamaraan. |
| **8** | **Agriculture and Fishery Arts**<br>• Natatalakay ang pag-aani ng alagang poultry animals at mga produkto nito. |
| **9 to 10** | **Agriculture and Fishery Arts**<br>• Nakapagbebenta ng mga inaning poultry animals at produkto nito. |
| **Suggested Activities** | • **Community Survey**<br>○ Ang mga mag-aaral ay gagawa ng isang survey kung anu-ano ang mga alagang hayop sa kanilang komunidad kaugnay sa Animal production.<br>• **Pangkatang Gawain: Poultry Business Plan**<br>○ Ang bawat grupo ng mag-aaral ay gagawa ng Simple Business Plan. Paano mo sila aalagaan nang hindi gumagamit ng mahal na kemikal? Bakit ito kapaki-pakinabang sa iyong pamilya?<br>• **Infographic Poster Making**<br>○ Ang mga mag-aaral ay guguhit o susulat ng isang paalala tungkol sa Animal Welfare Act.<br>• **Success Story Board**<br>○ Ang mga mag aaral ay hahanap ng tatlong (3) matatagumpay na tao sa larangan ng pag-aalaga ng hayop. |

| | |
|---|---|
| | ◦ Ang bawat larawan ay ididikit at ialagay ang kanyang mga impormasyon at ang alaga niyang mga hayop. Isulat din ang katangiang hinangaan at ano ang nais tularan sa kanya.<br>• **Ideal Natural Farm Layout**<br>◦ Ang mga mag-aaral ay makagagawa ng isang Ideal Farm layout.<br>◦ Pamantayan:<br>▪ Gawa sa Katutubong materyales.<br>▪ May makukuhang mga natural na pagkain sa paligid.<br>▪ May mga Paalala (Signage) patungkol sa kahalagahan ng pag gamit ng natural Farming.<br>◦ Ang bawat mag aaral ay makakasulat ng 3-5 pangungusap patungkol sa kahalagahan ng Natural Farming.<br>• **Partner Tayo!**<br>◦ Ang mag-aaral ay hahanap ng kapareha upang makapag plano sa pag uumpisa ng pag-aalaga ng Poultry animals.<br>◦ Ang pag aalaga ay maaaring gawin sa paaralan kung may malawak na pasilidad na maaring pag alagaan at hindi magiging dahilan ng pagdumi o pagkalat ng di inaasahang sakit.<br>◦ Maaari rin isagawa sa bahay at mag pagdala ng larawan sa Group Chat upang maipakita ang progreso.<br>◦ Ang mga mag-aaral ay gagawa ng plano na maipapakita ang paggamit ng mga lokal at natural na sangkap bilang alternatibong pagkain.<br>• **Munting Farm Managers**<br>◦ Ang magkapareha ay makakagawa ng plano para mas organisado ang pag-aalaga ng mga poultry animals.<br>▪ Plano ng pagsasagawa ng kulungan na may tamang bentilasyon.<br>▪ Oras ng pagpapakain/pagpapatuka ng mga hayop.<br>▪ Mga bitamina na dapat ihalo sa pagkain o sa inumin.<br>▪ Paglilinis ng kulungan ng alagang hayop<br>▪ Pagbibilang ng araw ng pag-ani ng mga alaga.<br>▪ Lingguhang pagtitimbang upang ma monitor ang bigat ng mga alaga. |

| | |
|---|---|
| | <ul><li>**Mini Symposium**<ul><li>Ang mga mag-aaral ay makakadalo ng isang talakayan mula sa mga Field Expert upang magbigay ng dagdag kaalaman patungkol sa pagpapatuloy ng pag-aalaga at pag-aani ng mga produkto.</li></ul></li><li>**Farm to Market**</li><li>Ang mag-aaral ay kailangan ipakita kung kumita sa pag-aalaga nila ng poultry animals sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga inaalagaang hayop.</li></ul> |
| **Suggested Performance Task** | <ul><li>**Individual Task :**<ul><li>Ang bawat mag-aaral ay gagawa ng isang "Foldable Organizer" (gamit ang isang pirasong folder o bond paper) na nagpapakita ng siklo ng isang maliit na negosyong poultry.<ul><li>Pangangalaga: Isulat ang pangalan ng napiling hayop at ang dalawang (2) natural na halamang gamot na gagamitin para sa kalusugan nito.</li><li>Pag-aani at Pag-iimbak: Iguhit ang tamang paraan ng pag-aani at kung paano ito iimbakin upang hindi mabulok.</li><li>Pagbebenta: Gumawa ng isang "Price Tag" at isang maikling pangungusap kung paano hihikayatin ang mamimili.</li></ul></li></ul></li><li>**Group Task:**<ul><li>Ang klase ay hahatiin sa mga grupo na gaganap bilang isang Cooperative o samahan ng mga nag-aalaga ng poultry animals. Layunin nitong ipakita na ang pag-aalaga ng poultry ay hindi lang basta libangan kundi isang mapagkakakitaang gawain kung gagawin sa masistemang paraan</li><li>Mga Senaryo:<ul><li>Pangangalaga: Ipapakita ng grupo sa isang maikling skit kung paano nila pinapakain ng natural na sangkap ang kanilang mga alaga.</li><li>Pag-iimbak: Ipapakita ang tamang paglilinis ng inaning produkto.</li><li>Pagbebenta: Magsasagawa ng "Live Selling" o kunwaring pagbebenta sa harap ng klase. Kailangan nilang ipakita ang kanilang pagkukwenta:<ul><li>Puhunan (Gastos sa sisu at pagkain)</li><li>Presyo ng Benta</li></ul></li></ul></li></ul></li></ul> |

| | |
|---|---|
| | • Inaasahang Kita (Profit) |

| Second Term | | |
|---|---|---|
| **Performance Standard** | | Ang mga mag-aaral ay nakapagkukumpuni ng mga kagamitang may sira na yari sa kahoy, kawayan, metal, produktong de-kuryente, at iba pa. |
| **Content Standard** | | • Naipapamalas ang pag-unawa sa mga panuntunan ng netiquette. |
| **1** | **Family and Consumer Science**<br>• Natatalakay ang kahalagahan ng pananahi.<br>• Nakikilala ang iba't ibang kagamitan sa pananahi. | |
| **2** | **Family and Consumer Science**<br>• Naisasagawa ang mga basic hand stitch nang may pag-iingat. | |
| **3** | **Family and Consumer Science**<br>• Natutukoy ang mga payak na sira ng kasuotan.<br>• Naisasagawa ang angkop na pagkukumpuni ng mga simpleng sira ng kasuotan gamit ang basic hand stitch nang may pag-iingat. | |
| **4** | **Family and Consumer Science**<br>• Natutukoy ang mga bahagi ng makina at wastong gamit nito.<br>• Natutukoy ang mga materyales sa pagbuo ng mga kagamitang pambahay. | |
| **5** | **Family and Consumer Science**<br>• Natatalakay ang mga solusyon sa mga karaniwang suliraning nararanasan sa pananahi gamit ang makina.<br>• Nasusunod ang mga hakbang sa paggamit ng makina. | |
| **6 to 7** | **Family and Consumer Science**<br>• Nakagagawa ng simpleng kagamitang pambahay gamit ang makina nang may pag-iingat. | |

<table>
<tr><td>8</td><td>Family and Consumer Science<ul><li>Natutukoy ang mga kagamitan sa embroidery stitches.</li><li>Nasusunod ang mga wastong pamamaraan ng pagbuo ng embroidery stitches.</li><li>Natutukoy ang mga kagamitan sa crochet stitches.</li></ul></td></tr>
<tr><td>9</td><td>Family and Consumer Science<ul><li>Nakagagawa ng crochet stitches.</li></ul></td></tr>
<tr><td>10</td><td>Family and Consumer Science<ul><li>Naisasagawa ang pagbebenta ng kagamitang pambahay.</li></ul></td></tr>
<tr><td>Suggested Activities</td><td><ul>
<li>Self Reflection<ul><li>Ang mga mag-aaral ay makakabuo isang talata tungkol sa natutunan nilang kahalagahan ng pananahi bilang kasanayan.</li></ul></li>
<li>Suri-Gamit sa Pananahi:Tama o Mali<ul><li>Ang mag-aaral ay pahayag sa pangungusap ay tumutukoy sa pangalan ng kagamitan.</li></ul></li>
<li>Basic Stitch<ul><li>Ang mag-aaral ay makagagawa ng simple stitches sa isang kwadradong tela na may pag-iingat.<ul><li>Running Stitch</li><li>Back Stitch</li><li>Baste Stitch</li><li>Blanket Stitch</li><li>Whip Stitch</li></ul></li><li>Gamit ang dalang lumang damit, tutukuyin ng mga bata ang parte ng kasuotan na dapat kumpunihin.</li></ul></li>
<li>Klinika ng Kasuotan<ul><li>Ang mga mag-aaral ay magkukumpuni ng kasuotan upang muling maging kapakipakinabang. Gagamit ang mga mag-aaral ng mga basic stitches na nararapat para sa kasuotan na kukumpunihin.</li></ul></li>
</ul></td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | ○ Ang mag-aaral ay matutukoy ang kahalagahan ng pag gamit ng makina sa pananahi.<br>○ Matutukoy ang mga bahagi ng makina na gamit sa pananahi.<br>• **Identification**<br>○ Ang mga mag-aaral ay matutukoy materyales sa pagbuo ng mga kagamitang pambahay.<br>• **Pangkatang Gawain**<br>○ Ang mga mag-aaral ay gagawa ng isang interbyu sa kakilalang mananahi sa kumunidad. Ang sentro ng interbyu ay patungkol sa mga suliraning kalimitang nararanasan.<br>• **Idol ko yon!**<br>○ Mag iimbita ng isang kilalang sastre upanmg magabayan ang mag-aaral upang makatulong sa pag-eexplore ng makina.<br>• **Pot Holder Making**<br>○ Ang mga mag-aaral ay makakagawa ng isang pot holder.<br>○ Ang mga mag-aaral makikilala ang mga gamit sa embroidery stitches<br>• **My First Embroidery**<br>○ Ang mga mag-aaral ay makakabuo ng isang disenyo ng simpleng embroidery (Hal. isang prutas). Naiisagawa ng may disiplina sa pagsunod sa mga hakbang habang nalilinang ang kanilang pagiging malikhain.<br>• **Mystery Box**<br>○ Ang mag-aaral ay matutukoy ang pangalan ng kagamitan na ilalabas sa mystery box.<br>○ Ang mag-aaral ay makakagawa ng simpleng disenyo gamit ang crochet stitches.<br>• **School Market Day**<br>○ Ang mag aaral ay makakapag benta ng sarili nilang likha sa kapwa mag-aaral o sa komunidad. |
| **Suggested Performance Task** | • **Individual Task:**<br>○ Ang mag-aaral ay makakagawa ng simpleng produkto na yari sa basic stitches, |

| | |
|---|---|
| | embroidery at crochet.<br>• **Performance Task:**<br>○ Ang mga mag aaral ay makikilahok sa isang School Market day o Exhibit na maaari nilang i-showcase ang kanilang likha at maibenta sa kapwa. |

| Third Term | | |
|---|---|---|
| **Performance Standard** | | Ang mga mag-aaral ay nakapagkukumpuni ng mga kagamitang may sira na yari sa kahoy, kawayan, metal, produktong de-kuryente, at iba pa. |
| **Content Standard** | | • Naipamamalas ang pang-unawa sa pagkukumpuni ng mga kagamitang may sira na yari sa kahoy, kawayan, metal, produktong de-kuryente, at iba pa. |
| **1** | **Industrial Arts**<br>• Natatalakay ang mga karaniwang sira at pamamaraan ng pagkukumpuni ng mga produktong yari sa kahoy, kawayan, metal, produktong de-kuryente, at iba pa. | |
| **2** | **Industrial Arts**<br>• Naipaliliwanag ang maingat na paggamit ng mga kasangkapan sa pagkukumpuni.<br>• Natutukoy ang mga uri ng materyales sa pagkukumpuni. | |
| **3** | **Industrial Arts**<br>• Natutukoy ang wastong pangangalaga at pagsisinop ng kasangkapan at materyales sa pagkukumpuni. | |
| **4 to 5** | **Industrial Arts**<br>• Pagkukumpuni ng mga kagamitang yari sa kahoy o kawayan nang may pag-iingat. | |
| **6 to 7** | **Industrial Arts**<br>• Pagkukumpuni ng mga kagamitang yari sa metal nang may pag-iingat. | |
| **8 to 9** | **Industrial Arts**<br>• Pagkukumpuni ng mga kagamitang de-kuryente nang may pag-iingat. | |
| **10** | **Industrial Arts**<br>• Natutuos ang service cost sa inayos na kagamitan manually o gamit ang spreadsheet. | |

| | |
|---|---|
| **Suggested Activities** | • **Sira-Suri**<br>  ○ Ang mag-aaral ay matutukoy ang karaniwang problema/sira, materyal na ginamit at kung paano kukumpunihin.<br>• **Tool Talk Show**<br>  ○ Magagawa ng isang talk show na kung saan ay kikilalanin ang mga kagamitan sa pagkukumpuni at kung paano ang tamang pag gamit ng mga kagamitan sa pagkukumpuni.<br>• **Safety and Maintenance Quiz" (Tama o Mali)**<br>  ○ Matutukoy ng mag-aaral ang  tamang pamamaraan sa pangangalaga ng mga materyales sa pagkukumpuni.<br>• **Linis-Kumpuni Day**<br>  ○ Ang mga mag-aaral makakapagsagawa ng paglilinis ng mga kagamitan.<br>• **"Safety First" Briefing**<br>  ○ Ang mga mag-aaral ay naiisa-isa ang mga dapat isaalang alang sa pagsasagawa ng ng pagkukumpuni tulad ng Tamang Kagamitan, kalinisan at kaayusan ng lugar at tamang kasuotan.<br>• **"Klinika ng Kasangkapan: Ligtas na Pagkukumpuni"**<br>  ○ Maipakita ang wastong paraan ng paggamit ng martilyo, disturnilyador, at lagari.<br>  ○ Makumpuni ang mga simpleng sira sa upuan, mesa, o bakod na yari sa kahoy o kawayan.<br>  ○ Maipamalas ang pag-iingat upang maiwasan ang aksidente habang gumagawa.<br>• **"Metal Maintenance and Restoration"**<br>  ○ Matukoy ang mga karaniwang sira ng kagamitang metal (kalawang, maluwag na turnilyo, mapurol na talim).<br>  ○ Maipakita ang tamang paggamit ng liha, langis (lubricant), at disturnilyador.<br>  ○ Maisagawa ang pagkukumpuni nang may pagsunod sa mga panuntunang pangkaligtasan.<br>• **Junior Electrician**<br>  ○ Makilala ang mga bahagi ng isang simpleng sirkito (plug, wire, terminal).<br>  ○ Maipakita ang tamang paraan ng pagbabalat ng wire at pagkakabit sa male |

| | |
|---|---|
| | plug.<br>◦ Maisagawa ang pagkukumpuni nang may 100% na pagsunod sa safety protocols.<br>• **Bawat Gawa, Mahalaga!**<br>◦ Ilalagay ang kagamitang aayusin, materyales na gagamitin, at Labor.<br>◦ Total Service Cost = Halaga ng Materyales + Halaga ng Paggawa<br>◦ Maaaring Gawin sa isang Excel file at lagyan ng formula upang mas mapadali ang pagsasagawa ng File at upang track ang posibleng naging kita. |
| **Suggested Performance Task** | • **Individual Task:**<br>◦ Ang mag-aaral ay makakapag repair ng isang kagamitan na yari sa kahoy, metal at de-kuryente.<br>• **Performance Task:**<br>◦ Ang mag aaral ay magsasagawa ng isang Marathon kung saan ang bawat mag aaral ay magpapaligsahan ng pabilisan na sa pagkukumpuni ng mga sirang kagamitan. Dapat isa-alang alang ang kaligtasan at tamang pag gamit ng mga materyales at tamang kasuotan sa pagkukumpuni. |